CITY OF CERRITOS℠
CIVIC CENTER • 18125 BLOOMFIELD AVENUE
P.O. BOX 3130 • CERRITOS, CALIFORNIA 90703-3130
PHONE: (562) 860-0311 • CERRITOS.US

Cerritos All-America City 2008

## LUNGSOD NG CERRITOS
## PAUNAWA SA HALALAN AT PANAHON NG NOMINASYON NG KANDIDATO

ANG PAUNAWA AY IBINIBIGAY SA PAMAMAGITAN NITO na isang Pangkalahatang Munisipal na Halalan ang gaganapin sa Lungsod ng Cerritos sa Martes, Marso 3, 2020, para sa mga sumusunod na Opisyal at Panukala:

Para sa tatlong (3) Miyembro ng Konseho ng Lungsod – Buong panunungkulang apat (4) na taon

| | |
|---|---|
| Dapat bang pagtibayin ang panukalang magtatakda ng isang pangkalahatan, tatlong-kapat na porsyento (0.75%) ng mga lokal na transaksyon at use tax (buwis sa pagbebenta), na mangangalap ng tinatayang $11.4 milyon taun-taon, at magtatapos kung kailan mapagpapasyahan ng mga botante, na napapailalim sa mga malayang pag-o-odit at mga pampublikong ulat ng paggasta, upang magkaloob at magpanatili ng mataas na antas ng mga serbisyo sa Lungsod, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, kaligtasan ng lokal na syerip at komunidad, pagpapanatili at pagpapaayos ng bangketa at kalye, pagpapaganda ng mga puno, mga serbisyo sa aklatan, at mga serbisyo sa mga parke at lugar na libangan? | OO<br>HINDI |

Ang panahon ng nominasyon para sa Pangkalahatang Munisipal na Halalan para sa tatlong (3) puwesto sa Konseho ng Lungsod sa Martes, Marso 3, 2020 ay magsisimula sa **Martes, Nobyembre 12, 2019** sa ika-8 ng umaga at magtatapos sa **Biyernes, Disyembre 6, 2019** sa eksaktong ika-5 ng hapon, sa Tanggapan ng Klerk ng Lungsod/Opisyal ng mga Halalan ng Lungsod ng Cerritos.

Kung hindi maihahain ang mga dokumento para sa nominasyon para sa isang karapat-dapat na kasalukuyang nanunungkulang opisyal bago o sa mismong **araw ng Biyernes, Diyembre 6, 2019** sa eksaktong ika-5 ng hapon (ika-88 araw bago ang halalan), ang mga botante ay mayroong hanggang ika-83 araw bago ang halalan, **Miyerkules, Diyembre 11, 2019** sa eksaktong ika-5 ng hapon, para magnomina ng mga kandidatong bukod sa mga karapat-dapat na kasalukuyang nanunungkulan sa ika-88 araw bago ang eleksyon, para sa elektibong katungkulang iyon ng kasalukuyang nanunungkulan. Ang pagpapalawig na ito ay hindi inilalapat kung saan walang karapat-dapat na kasalukuyang nanunungkulan ang ihahalal.

Kung walang sinuman o isang tao lamang (1) ang nominado para sa isang elektibong katungkulan, ang paghirang sa elektibong katungkulan ay maaaring isagawa gaya ng isinasaad sa § 10229, Kodigo ng mga Halalan ng Estado ng California.

Magbubukas ang mga botohan sa pagitan ng ika-7 ng umaga at ika-8 ng gabi.

Tagalog

Vida Barone, Klerk ng Lungsod/Opisyal ng mga Halalan
Lungsod ng Cerritos

Pinetsahan: Oktubre 1, 2019

NARESH SOLANKI, MAYOR
FRANK AURELIO YOKOYAMA, MAYOR PRO TEM
JIM EDWARDS, COUNCILMEMBER
GRACE HU, COUNCILMEMBER
MARK E. PULIDO, COUNCILMEMBER